# Tampalasan ALPHA v0.1.5 - FILIPINO-TAGALOG

## Paggawa ng Tampalasan

**KATANGIAN** (KAT) (*attributes*)
**Wais** (WAI) (*cunning*) – paglinlang at gawaing tulisan
**Bangis** (BNG) (*ferocity*) – kakayahang lumaban at gumamit ng dahas
**Unawa** (UNW) (*insight*) – pag-usisa, pagmasid, at pag-intindi
**Sigla** (SIG) (*vigor*) – pisikal na lakas, pangangatawan, at atletismo
**Diwa** (DIW) (*willpower*) – paghimok, disiplina, at kamalayan

Mag-roll ng d20 nang limang beses. Magtala ng 1 puntos ng katangian sa bawat tumugmang resulta, base sa ibabang talaan.

[ 1-4 -Wais | 5-8 -Bangis | 9-12 -Unawa | 13-16 -Sigla | 17-20 -Diwa ]

Italaga ang mga ito bilang KAT Bonus para sa katangiang iyon. Dagdagan ng 10 puntos para makuha ang KAT Defense (Def).

Magtala ng 10+(SIG Bonus) na **Kalamnan** (*flesh*), sukat ng tatag at tibay ng katawan. Magtala din ng 10+(DIW Bonus) na **Kapit** (*grip*), sukat ng tatag laban sa nakakawindang, at paggamit ng mga kakayanan.

**KASANAYAN** (*skills*)
Ito ang nagbibigay-kahulugan sa kagalingan o napag-aralan mo. Nagkaka**lamang** ka kapag nakakatulong sila sa delikadong gawain mo. Nalu**luge** ka naman kapag hindi mo taglay ang kailangang kasanayan sa iyong gagawain. Mag-roll, pumili ng tatlo sa ibaba, o gumawa ng bagong kasanayan. Hindi ka limitado sa listahang ito.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Paggawa ng palayok | 8 | Pagmamason ng bato | 15 | Pamumundok |
| 2 | Paglalayag sa dagat | 9 | Paggawa ng ballad | 16 | Paklalakbay sa kweba |
| 3 | Pagsayaw ng sibat | 10 | Paggawa ng sibat | 17 | Pagsipol ng dahon |
| 4 | Paghuli ng daga | 11 | Pangigisda sa ilog | 18 | Pagtasa ng agimat |
| 5 | Barang detection | 12 | Sayaw ng palakol | 19 | Sayaw ng tungkod |
| 6 | Pagtalas ng talim | 13 | Sayaw ng punyal | 20 | Pagbato ng bato |
| 7 | Pag-ayos ng bangka | 14 | Pag-alam ng panahon | | |

## Paano Maglaro

**PUNONG PATNUBAY**
Mag-roll lamang kapag delikado ang gagawin. Laging tagumpay ang simpleng gawain. Laging bigo ang imposibleng gawain. Linawan ang magiging epekto at kakalabasan ng gawain bago mag-roll.

- Gawaing delikado: mag-roll ng d20+KAT Bonus vs TN 13
- Gawaing hinahadlangan: mag-roll ng d20+KAT Bonus vs angkop na KAT Def ng katunggali
- Gawaing marahas: mag-roll ng d20 nang dalawang beses. Ang isang resulta ay para sa gawain+BNG Bonus vs BNG Def ng katunggali. Ang isa pang resulta ng d20 ay ang pinsala.
- Pagsubok ng Kapit: kapag may pangyayaring nakakawindang, mag-roll ng d20+DIW Bonus vs TN 13

**LAMANG at LUGE** (*advantage and disadvantage*)
Nagkakalamang ka sa: pabor na kalagayan, tulong ng kakamping may kasanayan, angkop na kagamitan o kasanayan, o malikhaing solusyon
Naluluge ka sa: dehadong kalagayan, kasanayan o kagamitan ng katunggali, kawalan ng angkop na kagamitan o kasanayan, o tangang solusyon

Ipunin ang bilang ng lamang at luge, at burahin ang parehong bilang ng lamang sa luge hanggang sa matira ang isang uri.
Sa bawat isang lamang, mag-roll ng dagdag na d20 at kunin ang pinakamainam na resulta. Sa bawat isang luge, mag-roll ng dagdag na d20 at kunin ang pinakamalubhang resulta.

Kapag nakaipon ng tatlo o higit pang lamang o luge sa isang gawain, maaaring magdeklara ang GM na maging simple o imposible na ito ayon sa sitwasyon.

Salita at layout ni: John Erwin Casia, CC-BY 4.0
@john_erwin | mister-erwin.itch.io | halfminotaurfarmer.blogspot.com
Hango sa Best Left Buried ni Zachary Cox at Ben Brown, Knave ni Ben Milton, Ultraviolet Grasslands and the Black City ni Luka Rejec, Alamat ng Astig ni Chris Fabon, at Meilakanjan ni BJ Recio.